




Mga Bakuna sa COVID-19

Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Tinedyer



Edad 12 pataas
BUONG DOSIS

MAAARI BA AKONG MAGPABAKUNA SA COVID-19

Oo!

- Kung ikaw ay 12 taong gulang pataas, makakakuha ka ng parehong **Pfizer** na bakuna tulad ng sa mga matatanda. (Ang mga batang 5 – 11 ay makakakuha ng bersyon ng mas kakaunting dosis).
- Ang bakuna ay ibinibigay bilang **2 dosis na pangunahing serye** 3-8 linggo ang pagitan. At karagdagan pa, ang **pampalakas** (booster) **na dosis** 5 buwan kalaunan.
- Ang bakuna ay maaaring ibigay ng kasabay ng iba pang mga bakuna gaya ng sa trangkaso o HPV.
- Ang mga bakuna ay **libre** kahit na ikaw ay walang seguro (insurance)
- Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.



BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA PARA SA COVID-19


- Ang pagpapabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang **protektahan ang iyong sarili**. Kung magkakaroon ka ng COVID-19, maaari mong maikalat ang virus sa iba kahit na hindi mo nararamdaman na ikaw ay may sakit.
- Marami sa mga kabataan na nagkakaroon ng COVID-19 ay mayroong banayad o walang mga sintomas, ngunit ang ilan ay lubhang nagkakasakit o may mga problema sa kalusugan na tumatagal ng mahabang panahon.
- Ang pagpapabakuna ay gagawing mas ligtas na maglaro ng palakasan, sumama sa mga kaibigan, o maglakbay upang bisitahin ang pamilya.
- Ang ilang mga distrito ng paaralan ay iniaatas ito.



SAAN AKO MAKAKAKUHA NG BAKUNA?

Makukuha ang mga bakuna sa COVID sa maraming mga opisina ng doktor, klinika, paaralan, at parmasya. Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinatelacounty.com) upang makakita ng lugar na malapit sa iyo. Kung ikaw ay wala pang 18, siguruhin na mayroon sila ng bakunang Pfizer at tanungin kung paano dapat ibigay ang pahintulot ng magulang/tagapag-alaga. Kung ikaw ay nasa bahay ampunan, ang iyong tagapag-alaga o kawani ng panggrupong tahanan ay maaaring magbigay ng pahintulot hangga't ikaw ay sumasang-ayon.

Tawagan ang Sentro ng Tawagan sa Bakuna ng DPH sa **833-540-0473** o **2-1-1** kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng bakuna, transportasyon papunta sa lugar, o para humiling ng pagpapabakuna sa bahay.






Mga Bakuna sa COVID-19

Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Tinedyer

ANO ANG MGA EPEKTO (SIDE-EFFECTS)?

- Ang mga epekto ay pangkaraniwan at isang palatandaan na ang iyong sistema ng imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**.
- Maaaring kabilangan ang mga ito ng nananakit o namumulang braso, pakiramdam ng pagkapagod, lagnat, pagkaginaw, sakit ng ulo o sakit ng kalamnan. Hindi lahat ay makakakuha nito. Ang mga ito ay dapat na mawala sa isa o dalawang araw.



LIGTAS BA ANG MGA BAKUNA SA COVID-19?

Oo!

- Ang Pfizer na bakuna sa COVID-19 ay masusing sinubaybayan at sinuri. Ito ay ligtas at epektibo para sa mga tinedyer. Mula nang pahintulutan, **milyon-milyong 12 hanggang 17 taong gulang** ang ligtas nang tumanggap ng bakuna.
- Ang malubhang alerdyik na reaksyon (anaphylaxis) ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna, kabilang ang bakuna sa COVID-19 – ngunit ito ay **napakabihira**.
- Ang kaunting bilang ng mga tao, lalo na ang mga lalaking tinedyer at mga kabataan ay nagkaroon ng pamamaga ng puso (myocarditis at pericarditis) pagkatapos mabakunahan ng bakunang Pfizer. Ang kondisyon ay bibihira, at karamihan ng mga kaso ay banayad at mahusay na tumutugon sa paggamot at pahinga. Ang iyong panganib ng myocarditis o iba pang mga kondisyon sa puso ay mas mataas kung ikaw ay magkakaroon ng COVID-19. Ang pagkuha ng ikalawang dosis sa kalaunan (sa 8 linggo) ay nakapagpapababa rin sa panganib ng myocarditis.
- **Hindi ka makakakuha ng COVID-19** mula sa bakuna, Wala sa mga bakuna ang may virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Walang ebidensya na ang bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagkabinata/pagkadalaga o sa iyong kakayahan na magkaroon ng mga anak.

BAGO KA MAGPABAKUNA

- Makipag-usap sa iyong doktor, magulang/tagapag-alaga, o iba pang pinagkakatiwalaang matanda tungkol sa bakuna sa COVID-19. Tanungin sila ng anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka.
- Siguruhin na ang klinika sa bakuna na iyong pupuntahan ay nagbibigay ng bakunang Pfizer.
- Kung ikaw ay wala pang 18, siguruhin na mayroon kang **pahintulot ng magulang/tagapag-alaga**.

